
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Espesyal na Isyu
Abril 20, 2023
www.philippinerevolution.nu

# Pinakamataas na pagpupugay kina Kasamang Laan at Kasamang Bagong-tao

**Kawanihan sa Pulitika ng Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**

Puspos ng rebolusyonaryong poot at galit sa mga naghaharing-uri at kanilang mga pasistang utusan, ipinababatid namin sa lahat ng kadre at kasapi ng Partido, mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa at buong sambayanang Pilipino, ang pagkasawi nina Kasamang Laan (Benito Tiamzon) at ni Kasamang Bagong-Tao (Wilma Austria), mga nangunguna at kapita-pitagang lider ng Partido Komunista ng Pilipinas at buong rebolusyonaryong kilusan sa bansa.



Si Ka Laan at si Ka Bagong-tao ay karumal-dumal at makahayop na pinaslang ng mga pasistang berdugo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) noong Agosto 21, 2022, matapos silang madakip habang bumibiyahe sakay ng dalawang van na ginamit nila patungo sa tabing-dagat ng Catbalogan. Nadakip sila bandang alas-dose ng tanghali at ala-una ng hapon. Hindi sila armado kahit ng maiiksing baril.

Sampu silang lahat na nahawakan, labis na pinahirapan sa pambubugbog at iba pang anyo ng pagtortyur, bago tuluyang patayin. Kasama nina Ka Laan at Ka Bagong-tao na pinaslang ng kaaway sina kasamang Joel Arceo (Ka Divino, kalihim ng isang komite sa subrehiyon sa Eastern Visayas), si Ka Yen, Ka Jaja, Ka Matt, Ka Ash, Ka Delfin, Ka Lupe, Ka Butig. Ayon sa nakalap na impormasyon ng tim na nag-imbestiga sa pangyayari, wasak-wasak ang mukha ng mga kasama, wari sa yabog ng matigas na bagay. Malinaw na ang iba'y pinatay sa pamamagitan ng pagbaril.

Para pagtakpan ang kanilang krimen at burahin lahat ng ebidensya, naghabi ng kwento ang Joint Task Force-Storm at Task Force Trident ng AFP upang palabasin na nagkaroon ng engkwentro sa dagat. Noong madaling araw ng Agosto 22, 2022, isinakay ang mga bangkay ng mga pinaslang na rebolusyonaryo sa isang bangka na ipinahila sa gitna ng dagat bago tuluyang pinasabog sa pagitan ng Catbalogan at Tarangnan island. Walong bangkay lamang ang naiulat na narekober.

Nakatanggap ang Kawanihan sa Pulitika at Komiteng Tagapagpaganap ng kumpirmasyon tungkol sa pagpaslang kina Ka Laan at Ka Bagong-tao ilang araw matapos ang insidente. Sa mga sumunod na linggo at buwan, isinagawa ang malalimang pag-iimbestiga para alamin ang mga detalye sa likod ng karumal-dumal na krimeng ito.

Tinutukoy namin na tuwiran at pangunahing responsable sa pasistang brutalidad na pagmasaker kina Ka Benito Tiamzon, Ka Wilma Austria at walong iba pang rebolusyonaryo sina Ferdinand Marcos Jr, commander-in-chief ng AFP, Lt. Gen. Bartolome Bacarro, noo'y chief of staff ng AFP, Gen. Edgardo de Leon, noo'y pinuno ng JTF-Storm at ng 8th Infantry Division, at Brig. Gen. Marceliano Teofilo, pinuno ng Intelligence Service ng AFP. Tuwirang sangkot din ang mga pwersa ng US military sa pamamagitan ng Joint Special Operations Task Force Trident, isang yunit na tuwirang hawak, sinasanay at inaarmasan ng US. Sila Marcos at iba pang kasabwat sa krimeng ito ay marapat na isakdal sa kinauukulang hukuman.

---

## Tunay na bayani ng sambayanang Pilipino

Idinedeklara ng Komite Sentral ang mag-asawang sina Kasamang Benito Tiamzon at Kasamang Wilma Austria bilang mga martir at tunay na bayani ng sambayanang Pilipino. Inilaan nila ang kanilang buong buhay sa paglilingkod sa masang inaapi at pinagsasamantalahan at iniukol ang lahat ng kakayahan at talino para sa pagsulong ng hangarin para sa pambansang kalayaan at demokrasya, sosyalismo at komunismo.

Mula sa kailaliman ng puso ng bawat rebolusyonaryong Pilipino, ipinararating ng Kawanihan sa Pulitika at buong Komite Sentral ang pakikidalamhati sa mga anak at apo nina Ka Laan at Ka Bagong-tao.


ANG Bayan

Espesyal na Isyu | Abril 20, 2023

ang.bayan@cpp.ph

@angbayan1969

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas


Si Ka Laan at Ka Bagong-tao ay mga dalubhasa ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at ng teorya at praktika ng rebolusyong Pilipino. Sa gabay ni Kasamang Jose Maria Sison, buong-husay nilang pinamunuan ang Komite Sentral at ang Bagong Hukbong Bayan sa humigit-kumulang tatlong dekada ng pagsusulong ng matagalang digmang bayan.

Si Ka Laan at Ka Bagong-tao ay kapwa anak ng rebolusyonaryong pagdaluyong noong katapusan ng dekada sisenta hanggang maagang bahagi ng dekada sitenta. Si Ka Laan ay ipinanganak noong Marso 21, 1951 at lumaki sa Marikina, Metro Manila. Si Ka Bagong-tao naman ay ipinanganak noong Disyembre 21, 1952 at tubong-Pasig City. Kapwa sila naging mag-aaral sa Jose Rizal High School. Halos magkasabay rin silang pumasok sa University of the Philippines noong huling bahagi ng dekada 1960, naging mga manunulat sa Philippine Collegian, at naging kasapi ng mga pambansa-demokratikong samahang kabataan.

Kapwa sila nagsilbing mga tagapag-organisa sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Bago sila hinirang sa mga sentral na organo ng Partido, kapwa sila namuno sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang mga rehiyon. Mula sa Maynila, kapwa sila inilipat sa Cebu noong 1974 upang magsagawa ng pag-oorganisa sa mga manggagawa. Inilipat sila sa Samar sa sumunod na taon para magsagawa ng panimulang panlipunang pagsisiyasat at magpalalim ng gagap sa mga pakikibakang antipyudal, bukod sa iba pang mga tungkulin. Noong 1976, si Ka Laan ay nagsilbing kalihim sa rehiyong Eastern Visayas, habang si Ka Bagong-tao ang pangalawang kalihim. Kabilang si Ka Bagong-tao sa mga namuno sa

Central Luzon noong unang bahagi ng dekada 1980 kung kailan namayagpag ang armadong pakikibaka at malawak na mga pakikibakang masa ng mga magsasaka at manggagawa laban sa diktadurang US-Marcos. Ang pamumuno ni Ka Laan sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Eastern Visayas ay kinatampukan ng masiglang pagsulong ng mga pakikibakang antipyudal at armadong pakikibaka.

Gumampan sina Kasamang Laan at Bagong-tao ng susing papel sa pagsusulong ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong 1992-1998 na muling nagpatibay ng paninindigan ng Partido sa saligang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, at sa estratehiya at taktika ng matagalang digmang bayan para isulong ang demokratikong rebolusyong bayan. Mahusay nilang pinamunuan ang Komite Sentral ng Partido sa pagtatanggol nito at pagbigo sa mga rebisyunistang taksil na nagtangkang iligaw o hatiin ang Partido. Sa kanilang pamumuno, nailigtas ang Partido mula sa bingit ng pagkalusaw at muling dinala ang rebolusyong Pilipino sa landas ng pagsulong at paglago.

Sa nagdaang tatlong dekada, si Ka Laan ang nagsilbing tagapangulo ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral sa araw-araw na pangungulo nito sa rebolusyong Pilipino. Si Ka Bagong-tao naman ay ang nagsilbing pangkalahatang kalihim ng Komite Sentral. Sa Ikalawang Kongreso ng Partido noong 2016, muli silang hinalal sa Komite Sentral at mga namumunong organo ng Partido.

Gumampan sila ng mga indibidwal na responsibilidad, kahit pa sa nagdaang mga dekada ay mahigpit silang magkatuwang sa pagsasabalikat ng mabibigat na tungkulin sa pamumuno sa Partido. Kabalikat rin nila ang iba pang nangungunang kadre ng Partido sa Komite Sentral, Kawanihan sa Pulitika at sa Komiteng Tagapagpaganap sa pagbibigay-tanglaw sa landas ng pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas.

Ang mga dokumento ng Komite Sentral at ng Komiteng Tagpagpaganap na pinangunahan nilang isulat ay ibayong nagpayaman sa mga teorya ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas. Ang mga memorandum o direktiba ng KTKS ay lalong nagpalawig at nagpalalim sa konsepto ng matagalang digmang bayan at pakikidigmang gerilya. Nag-ukol sila ng panahon para pahigpitin ang gagap ng mga kadre ng Partido sa mga prinsipyo ng lahatang-panig na pagsulong ng digmang bayan at ng krusyal na halaga ng pagkokombina ng tatlong sangkap nito–ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatatag ng baseng masa.

Ang mga iniwang sulatin nina Ka Laan at Ka Bagong-tao ay bahagi na ng mayamang baol ng rebolusyonaryong teorya na ambag ng rebolusyong Pilipino sa pagpapayaman ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ang mga ito'y titipunin ng Komite Sentral sa isa o ilang aklat para sa mga kadre ng Partido.

Nadakip sina Ka Laan at Ka Bagong-tao noong 2014 at mahigit dalawang taon na ikinulong. Nakalaya sila noong 2016 upang magsilbi sa negotiating panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa rehimeng Duterte. Nang ibinasura ni Duterte ang usapang pangkapayapaan at ipinag-utos ang pagdakip at pagpatay sa mga personahe ng NDFP at ng Partido at BHB, muling sumanib sina Ka Laan at Ka Bagong-tao sa mga larangang gerilya.

Daan-daang milyong piso ang inilaan ni Duterte para tugisin ang himpilan nina Ka Laan at Ka Bagong-tao at ng Komite Sentral mula pa noong 2017. Walang-habas ang mga pambobomba mula sa ere at mga kanyon na sumalanta at nagdulot ng matinding pinsala sa buhay at kabuhayan ng malawak na suportang masa ng rebolusyonaryong kilusan. Ilanlibong pasistang tropa ang ginamit para sa pakana ng kaaway ng puksain ang buhay nila Ka Laan at Ka Bagong-tao at pugutan ng ulo ang Partido.

Nagtagumpay man ang kaaway na wakasan ang buhay nina Ka Laan at Ka Bagong-tao, bigo sila sa layuning lumpuhin ang pamunuan ng Partido. At tulad ng pagkabuwal ng matatayog na puno sa gubat, nag-iwan sila ng malawak na puwang na ngayo'y lagusan ng sinag ng araw na nagbibigay ng init at lakas sa bagong mga punong haligi ng Partido at BHB.

## Matatag na kolektibong pamumuno ng Komite Sentral ng Partido

Hindi maitatanggi na napakalaking kawalan sa Partido, partikular na sa Komite Sentral, ang pagkasawi nina Kasamang Benito Tiamzon at Kasamang Wilma Austria, na sinundan ng pagpanaw ni Kasamang Joma noong Disyembre 16, 2022. Hindi rin maitatatwa ang bigat ng pagkasawi o pagpanaw ng ilan pang namumunong kadre ng Partido sa nagdaang mga taon kabilang sina kasamang Julius Giron (Ka Nars), Jorge Madlos (Ka Oris), Menandro Villanueva (Ka Bok), Antonio Cabanatan (Ka Manlimbasog), Eugenia Magpantay (Ka Fiel), Mariano Adlao (Ka Panoy) at iba pa.

Gayunman, sa buong-buhay nilang pamumuno sa Partido at rebolusyong Pilipino, nagsanay sila ng libu-libong kadre at rebolusyonaryo na handang humalili at tanganan ang mabibigat na tungkulin at responsibilidad. Pumanaw man ang ilan, hinalinhan naman sila ng mas marami pang mga kadre at lider na determinadong gampanan ang kanilang mga tungkulin sa gitna ng malalaking pagsubok.

Sa pangunguna ng Kawanihan sa Pulitika, mabilis na kinumpuni at muling pinalakas ng Komite Sentral

ng Partido ang mga sentral na organo ng pamumuno ng Partido. Kagyat na hinirang ang mga tagahaliling kadre na ngayo'y nangunguna sa araw-araw na pagsusulong ng mga gawain at tungkulin sa pamumuno. Walang takot nilang tinanggap ang mga hamon sa pamumuno. Ibayong pinalakas pa ng Komite Sentral ang pangungulo nito sa mga namumunong komite at mga kadre sa mga komiteng panrehiyon at sa iba pang mga sentral nitong organo. Buong sikhay ngayon ang pagsisikap ng Komite Sentral na palakasin ang buong Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Sa tulak ng Kawanihan sa Pulitika at Komite Sentral, lahat ng kadre ng Partido sa lahat ng andana ng pamumuno ay puspusan ngayon ang kolektibong pagsisikap na itaas ang teoretikal at praktikal na kaalam sa pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, mga batayang prinsipyo ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, at ng estratehiya at taktika sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Pinangungunahan ngayon ng mga kadre ng Partido ang paglalagom ng mga karanasan, pangingibabaw sa mga kahinaan at pagwawasto sa mga pagkakamali. Nagpupunyagi sila sa pagpapanibagong-hubog alinsunod sa proletaryong ideolohiya, nagmamatyag at nagwawaksi sa mga maling tunguhin ng pag-iisip, nagpapakahusay sa demokratikong estilo ng paggawa at nagsasapraktika ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili bilang paraan upang palakasin ang pagkakaisa at ibayong paunlarin ang mga gawain. Handa ang lahat ng kadre ng Partido sa mabibigat na sakripisyo habang tinitipon ang lakas ng buong kasapian para lampasan ang lahat ng kahirapan at pagsubok, at sumulong sa landas ng rebolusyonaryong pagdaluyong.

Pinamumunuan ngayon ng Komite Sentral ang ibayong pagpapalakas ng demokratikong rebolusyong bayan. Mahigpit na nagkakaisa ang buong kasapian ng Partido sa mga plano at tungkulin na inilahad ng Komite Sentral sa mga direktibang inilabas nito sa pamamagitan ng Komiteng Tagapagpaganap. Inatasan ang lahat ng mga komite ng Partido na ubos-kayang pukawin, organisahin at pakilusin ang masa at pamunuan ang kanilang mga pakikibakang pang-ekonomya at pampulitika, ang paglaban sa mga pahirap sa masang patakarang neoliberal, ang paglaban sa pasistang terorismo ng kaaway, ang paglaban sa tumitinding panghihimasok militar ng imperyalismong US, at pagbubuo ng nagkakaisang prente para ilantad, ihiwalay at labanan ang pasistang rehimeng US-Marcos. Inatasan din ng Komite Sentral ang Bagong Hukbong Bayan na puspusang biguin ang todong atake ng kaaway, ibayong magpalawak at pahigpitin ang ugnay sa malapad na masang magsasaka, puspusang pasiglahin ang mga pakikibakang antipyudal, palawakin, patatagin at paramihin ang mga organisasyong masa sa kanayunan, at ibayong palagablabin at ikalat ang apoy ng pakikidigmang gerilya.

Pinalalakas ngayon ng Komite Sentral ang organisasyon ng Partido alinsunod sa prinsipyo ng demokratikong sentralismo. Ubos-kayang pinalalakas ang kolektibong pamumuno sa lahat ng antas. Mahigpit na ipinatutupad ang mga alituntunin at disiplina. Nagpupursige ang lahat sa pagdaraos ng regular na mga pulong at kumperensya para buuin ang pagkakaisa. Matamang ipinatutupad ang mga patakaran at atas upang magmartsa ng buo at sabay-sabay. Regular at maagap na nag-uulat ang mga komite sa mga nakatataas na organo ng Partido. Sa lahat ng antas ng pamumununo, matamang sinusubaybayan ang takbo ng gawain sa nakabababang antas, kaakibat ang kalagayan ng masa.

Sa harap ng papalalang krisis ng mala-kolonyal at malapyudal na sistema at dinaranas na masidhing paghihikahos, pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, matatag ang kapasyahan ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino na magpunyagi sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Ngayon higit kailanman, buo ang loob ng Partido na pukawin, buklurin at pakilusin ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino, at pamunuan ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa buong bansa.

Sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kolektibong pamumuno at pagkakaisa ng lahat ng patriyotiko at demokratikong uri, tiyak na dadalhin ng ating dakilang Partido at sambayanang Pilipino ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa higit na mataas na atnas at kakamtin ang mas malalaking tagumpay sa darating na mga taon.

Sa inspirasyon ng alaala nina Kasamang Laan, Kasamang Bagongtao, Ka Joma at lahat ng dakilang martir at bayani ng proletaryo at sambayanang Pilipino, ubos-kaya nating isabalikat ang mabibigat na tungkulin sa pagsulong ng hangarin para sa tunay na kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

**Labanan ang pinaigting na imperyalistang pang-aapi laban sa mamamayang Pilipino!**
**Magiting na isulong ang digmang bayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya!**
**Palagablabin at ikalat ang apoy ng digmang bayan!**
**Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!**
**Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!**
**Mabuhay ang proletaryo at mamamayang Pilipino!**